

FOR IMMEDIATE RELEASE

CONTACT: Jim Lardner at AFR

202-466-1854 / jim@ourfinancialsecurity.org

Walang kinikilingang Pagtrato sa mga Nagmamay-ari ng Bahay na may Limitado Sa Kasanayan sa Ingles

[Sa isang bagong inilabas na pahayagan, Reformang Pang Pinansiyal para sa mga Amerikano \(Americans for Financial Reform\) at ang kanyang mga kasosyo sa koalisyon ay nakiusap sa mga tagapag-patupad ng regulatura upang gawing mas madali para sa mga tao na may limitadong kasanayan sa Ingles \(LEP\) upang maunawaan ang sistema sa pananalapi, lalo na ang Pagpapautang para sa Pabahay \(Mortgage Market.\)](#)

Sa taong 2014, mayroong 25.3 milyong mga residente ng U.S. 9 (siam) na porsiyento ng populasyon, ay may limitadong kasanayan sa Ingles. Ang manghihiram na may limitadong kasanayan sa ingles(LEP borrowers) ay mahina laban sa pandaraya at mapanirang gawi. “Maraming manggagawa sa industriyang ito ang nagsasagawa ng pananaliksik sa merkado upang maiangkop ang kanilang mga stratehiya sa pagbili sa mga kasapi ng LEP komunidad, kabilang ang patalastas pinansyal na mga produkto sa mga mamimili LEP sa kanilang sariling wika,” ang sabi ng pahayagan. Ngunit sa sandaling ang isang produkto ay nabili, ang mga mamimili ay karaniwang makatangap ng komunikasyon-kabilang ang mga kumplikadong mga pagpipilian at mga tuntunin ukol sa pautang –ay nakasulat pa rin sa wikang Ingles lamang.

[Ang isang kasamahang pahayagan ay nagsasabi ng mga kuwento ng ilang mga nagmamay-ari ng bahay LEP na huli na ng matuklasan ang ilang mga hindi kanais-nais na tuntunin sa pagkakautang at nahihirapan na makakuha ng modipikadong pautang.](#) Isang mag-asawa na ang wika ay Espanyol, pagkatapos ng sampung taon na walang palyang pagbabayad sa kung ano ang sa akala nila na tamang pagkaka-intindi sa nakapirming-porsiyento ng amortisasyon ay nagulat sa kanilang natuklasan na ang kanilang mga naibayad ay hindi inilagay sa utang na prinsipal bagkus ay sa interes lamang. Ang mas nakakalungkot at nakakapagpahirap ay ang kanilang mga buwanang kabayaran ay madaragdagan mula sa \$1,983 ay magiging \$3,350 sa bawat buwan. Ang isang kaibigan ng mag-asawa ay nagsilbing bilang kanilang tagapagsalita o interpreter na siyang nagpakilala sa kanila sa tagapagpahiram; huli na ng kanilang napagtanto na ang taong ito ay maaring may pinansiyal na pakinabang mula sa opisyal ng pautang, kumpanya ng tagapagpahiram, at ng abogabo.

Ang mga tagapagpatupad ng mga kasunduan ay may kapangyarihan na mapagbuti ng mga suliranin o problemang ito. Hinihikayat ng pahayagan ang kawanihang pampananalapi at proteksiyong mamimili at iba pang mga tagapagpatupad na lumikha ng mga bilang ng tiyak na hakbang, kabilang na gawing kinakailangan ang mga pangunahing dokumento ay madaling makuha ng mga humihiling, ay maisalin sa walong wika o lengguwahe (Espanyol, Intsik, Vietnamese, Korean, Tagalog, Russian, Arabic, and Haitian Creole); pagpapabuti ng madaliang pag gamit at pagka unawa sa mga proseso ng pagrereklamo at ng mga

sanguniang tagapayo, pagbibigay ng gabay sa mga pinansyal na institusyon sa mga pamantayan ng madaliang pag gamit ng mga wika; pagpapabuti at pagsubaybay ng mga wika sa mga aplikante ng amortisasyon sa buong Bansa.

Ang mga organisasyon na magtutulungan sa mga papel kasama dito ang : National Consumer Law Center, National CAPACD, National Council of La Raza, Empire Justice Center, National Housing Resource Center, Consumer Action, National Fair Housing Alliance, at MFY Legal Services, Inc.

Reformang Pang Pinansiyal para sa mga Amerikano (Americans for Financial Reform) ay isang nonpartisan at nonprofit coalition na mahigit 200 civil rights, consumer, labor business, investor, faith based, at civic at mga grupo ng komunidad. Nabuo nuong kasagsagan ng krisis nuong 2008, ang AFT ay nag tratrabaho upang mailatag ang fondasyon para sa malakas,matatag, at wastong sistema pang pananalapi- isa sa naghahain ng ekonomiya at ang bansa bilang pang kalahatan.

This translation was made possible by the work of Consumer Action. The press release is also available in [English](#).